

SINAING

Emmanuel T. Barrameda

Nasa dulo siya ng pila. Nagkakandahaba ang leeg. Binibilang sa mata kung pang-ilan siya sa pila habang tinatantiya kung sa pang-ilang UV Express pa siya makasasampa pauwi. Hindi gaya dati, kalahati lang ng buong seating capacity ng mga van ang puwedeng maisakay na pasahero. Naliligaw siya sa pagbibilang. Hindi mapakali. Sinubukan na niyang gumamit ng daliri. Sabay na nagbibilang ng pasahero ang kaniyang mata at ang pamumukadkad ng mga daliri sa kamay niyang nakasuksok sa balsa. Pero maliligaw at maliligaw siya sa pagbibilang sa bawat umaalis at dumadating na sasakyan. Hanggang sa tantiyahin niya na lang. Parang dangkalan na lang ng tanaw kung gaano karami ang napapasakay na pasahero sa bawat van. Sa pang-apat na bakanteng van siguro, sa kalkulasyon niya. Samantalang nagbibilang at nagtatantiya, inaalala niya rin kung naisara niya nga ba ang pinto kanina bago umalis. Naisara niya ba ang gasul? Parang sinasagot din naman siya ng kaniyang alaala. Nai-lock nga niya ang pinto, naalala niya pa ngang naipit ang doormat sa pagsara niya ng pinto kung kaya kailangan niya pa itong sipain paloob. Napihit niya rin pasara ang gasul. Naalala niya, napatanong siya sa sarili kung kailan nga ba sila huling nagpa-deliver ng tangke ni Mildred. Napihit niya pakanan, habang sinasagot ang sarili, bago siguro mag-Pasko, mauubos na ito. Angkanin sa rice cooker... Dito siya natigilan at napabuntong-hininga. Natanggal niya nga sa pagkakasaksak ang saingan pero hindi niya naman naipasok sa ref. Baka katulad ng mga nagdaang pagtatangka niyang muling magsaing ay mapanisan na naman siya. Itinigil niya ang pagbibilang ng mga pasahero, kapwa sa mata at sa mga daliri. Inilabas niya na rin ang

kamay sa pagkukubli sa bulsa. Suko na siya, milya pa man ang layo, amoy na amoy na niya ang panis na namang kaning dadatnan sa bahay.

Iba ang rice cooker na itong binili nila sa isang warehouse. Gawang China. Bagamat iisa lang naman ang set ng mga teknolohiyang nagagawa ng mga rice cooker kesehoda gawang Amerika o gawa ng mga Hapon, e nanibago sila sa isang ito. Itinapon na nila ang kahon maging ang manual na kalakip nito. Aanhin pa? E nakasulat naman sa Tsino ang mga gabay sa paggamit.

Napabili sila dahil maliit ang kalderong saingan na iniregalo sa kanila noong ikasal sila. Lagi silang nabibitin sa kanin. Halos para lang sa kaniya ang kaning naisasaing dito. Ang ending, dalawang ulit sila kung magsaing. Maliban sa makonsumo sa gasul, madalas na nauuwi sa pagkawala ng gana ang kanilang pagkain. Nariyang kakasandok pa lang ni Mildred ng kanin sa kaniyang plato, siya naman ay sinusukat na ang lalim ng bigas at ng sabaw nito gamit ang daliri. Kaya sa huli, may halftime break ang pagkain nila ng hapunan. Nakatiwangwang sila kasama ng mga ulam habang hinihintay na magsubo ang sabaw ng kanilang sinaing.

Sa pagitang ito na nila naisisingit ang pagkukumustahan sa maghapon ng nagdaan, ang pagpapalano ng para sa bukas, samakalawa, at sa paparating na Sabado at Linggo. Kapag inin na ang sinaing, umaaso muli ang kaning ihahatag sa mesa habang nalipasan na ng lamig ang kung anumang ulam sa hapag. Muling maninibago ang kanilang mga bibig at tiyan. Madalas na hindi nauubos ang pangalawang batch ng sinaing. Pero ayos lang. Walang kaso. Dahil ito na ang magsisilbing kaning lamig na puwedeng isangag sa almusal. O kung abutan ng gutom ay pang-midnight snack kasalo ang kung anong na-grocery na delata o kung anumang natirang ulam sa hapunan.

Naitatawid nila ang hapunan sa ganitong diskarte. Walang kaso ang kanin sa pananghalian dahil pareho naman silang nasa kani-kanilang mga trabaho kung tanghali. Sa kani-kanilang canteen na sila kumakain. Minsan

sa mga karinderya sa labas ng kanilang mga opisina. Kung nagkakatamarang magsaing ng pangalawang batch, o kahit ng unang batch na panghapunan, bumibili na lang sila ng apat na order ng kanin sa karinderya sa kanto. Isa kay Mildred, tatlo sa kaniya.

Nakabuo lang sila ng planong tuluyan nang bumili ng rice cooker nang mapadalas ang pagkakaroon nila ng mga bisita. Minsan bumibisita kung Linggo ang mga kapatid ni Mildred galing ng Quezon. Madalas naman ang mga barkada niya ang nakikidayo ng pagtoma. Palaging may shortage ng kanin. Lahat nabibitin lalo pa kung may lechong manok, sinigang na bangus, laing, at iba pang putahe sa hapag. Hindi uubra ang batch by batch na pagsasaing. Mahirap pagsama-samahin sa hapag ang mga nabiting bibig at sikmura. Kaya kung minsan, hindi lang sako ng inaning bigas ang dala ng mga kapatid ni Mildred kundi bande-bandehadong kanin na rin. Bahaw na nga lang dahil sa layo at tagal ng biyahe. Isa pa, pinag-uusapan na rin nilang bumuo ng pamilya. Sa taong ito, isang anak. Pagkatapos ng dalawang taon, isa pa. Ayos na 'yun. Hindi niya maisip kung paano mabitin sa kanin at mabalawah sa gitna ng pagkain ang mabubuntis niyang asawa. Tiyak na away. Kaya ang solusyon, isang mas malaking rice cooker.

Naglibot na sila sa Appliance Center sa SM. Mayroong Kyowa, Hanabishi, at Sanyo. Lahat branded. May kulay itim at may kulay puti. Ang ilan ay may disenyo ng bulaklak. Sabi ni Mildred iyong itim na lang para hindi takaw-dumi. Matapos lang ang isang pasada sa estante ng mga rice cooker, nakapili sila. Iyong may kasamang elevated steamer sa loob. Puwedeng lagyan ng mangkok na may ulam para puwedeng initin habang nagsasaing. Hindi na kinakailangang isalang pa sa kawali o kaserola. Tipid sa gasul. Dalawang Sabado nila itong dinadaan-daan at binalik-balikan sa Appliance Center kapag lumalabas sila para magpahangin o kumain sa labas. Sa kinsenas nila babalikan para bilhin. Puwede sanang i-Home Credit. Pero may babayaran pa silang cellphone. Limang buwan pa ang bubunuin nila. Noong mabulungan

siya ng katrabahong mayroong murang appliances na malapit sa port area, warehouse daw. Mga surplus daw galing sa ibang bansa. Naengganyo sila. Isang libo raw makakakuha na sila ng brand new na rice cooker. Kinagat nila ito at pumunta sa warehouse noong kinansela ang pasok dahil sa malakas na ulan. Nagkita sila ni Mildred sa Monumento at doon na nag-dyip papuntang port area. Nalula sila sa dami ng appliances. Parang lahat ng hinahanap nila para mapuno ang bahay ay naririto na. May two-door at one-door ref. May maliit na para sa mga kuwarto at meron ding pangtindahan. May flatscreen TV at may TV rin na may nakaumbok pa ring picture tube sa likod, may component at speaker, may plantsa, may kabayo ng plantsa, may single at double burner, may microwave. May section din para sa mga furniture. May iba-ibang kulay at sukat ng sofa, may dining table, study table, at mayroon pa ngang mesa ng bilyar. Kaya bago pa man nila natunton ang section ng mga rice cooker ay napuno na nila ng gamit ang mansyon sa kani-kanilang hinagap. Katulad ng sa Appliances Center sa SM, hindi nalalayo ang mga hitsura, kulay, at specs ng mga rice cooker dito. Ang pinagkaiba nga lamang, maliban sa di hamak na mas mura ang mga ito, lahat ng pangalan ng brand ay nasa wikang Tsino. Biro niya nga sa asawa, baka lutong Macau ang masaing nilang kanin. Tapos nagtsi-Tsino na rin sila pagkakain. Noong makapili na sila ay agad nila itong pina-check kung gumagana sa service center. Inalalayan sila ng sales lady at idinuhol sa technical representative. Dali-dali nitong nilabas ang cord, at kinabit sa puwitan ng rice cooker. Saka sinaksak sa extension wire na naka-packing tape sa isang maliit na tabla. Pagkasaksak, ipinakita agad sa mag-asawa ang kulay green na ilaw. Ibig sabihin daw nito ay iniinit ang kanin. Itinuro ng technical representative ang ibinababang buton. Ito raw ang didiinan para masaing ang bigas. Ang green na ilaw ay naging pula. Pero dahil wala pang bigas at pansabaw ay umaangat ang buton at nagiging green ulit ang ilaw. Sa counter na sila nakaramdam ng gutom. Halos magkasabay pang kumalam ang kani-kanilang mga sikmura't nagkatinginan. Tinginang katumbas ng tinginan nila noong college pa lang sila sa tuwing tatakasan

nila ang mundo kapag papasok sa kung saang motel sa Avenida at Quiapo. Kalong-kalong niya sa dyip pauwi ang rice cooker na nakakahon habang nakasandal si Mildred sa kaniyang balikat. Ang mga kamay nito ay nakakapit sa braso ng asawa habang parang anak na mahinhing tinatapik sa kaniyang kandungan ang bagong biling lutuan.

Pagkababa ng dyip, sinalubong agad sila ng usok ng ihawan ng barbeque. Sa isip-isip niya, mapapalaban sila dahil maraming maisasaing na kanin. Kaya nagtig-dalawang stick sila ng barbeque at nagtigidalawa pang stick ng helmet at adidas. Take out. Pinaghusto ng tindera sa plastic ang kung ilang stick ng nabiling panglaman-tiyan at tatlong plastic ng sawsawan. Suka. Maanghang na sauce. Matamis na sauce. Bago tuluyang lumiko sa kanto papasok sa kanilang bahay, humirit pa siya ng RC Cola. Patawad na muna ang deposito sa bote, sabi niya sa tindera. Isasauli na lang raw kinaumagahan. O baka mamaya, pagkahapunan. Nakaugalian na niya kasing magsigarilyo 'pag napapalaban ng kain.

Kahit pa alam na nilang parehong rice cooker ang laman ng kahon ng rice cooker, kakikitaan pa rin sila ng pananabik. Walang inalis noong nagbubukas sila ng ilang regalo pagkatapos ng kasal. Hindi na nila pinagtiyagaang tanggalin ang buhol sa pagkakatali. Gamit ang talim ng nadampot na itak, nakalagan nila ng tali ang kahon. Agad na niyang nilabas ang rice cooker. Iniangat na animo'y nagkakarga ng bagong silang na bata. Hawak-hawak naman ni Mildred ang kurdon na parang umbilical cord. Agad niyang pinatong sa gilid ng lababo, sa may tabi ng lalagyan ng mga pinggan, ang rice cooker. Binuksan ang lata ng biskwit na siyang lalagyan ng bigas. Subalit kakarampot na bigas lang ang naroroon. Masasaid na at hindi na huhusto kahit sa kalahating takal. Kahit pa nakasara ang gasul ay mabilis silang nakapagpaliyab ng kani-kanilang mga ulo. *Bakit walang bigas?* Tinalunton nila kung sino ang huling nagsaing. Nagkaungkatan sa kung kaninong sahod ang ginamit sa pagbili ng bigas. Mauungkat pa ang dati pang

away. Sumubo ito, umapaw. Nagpatuloy ang pagtatalo hanggang magsara na ang karinderya sa kanto, ang tindahang pinangakuan ng pagsasauli ng bote. Magtatapos ang away sa kalam ng sikmura. Pagtatawanan na lang nila ang isa't isa noong wala na silang maungkat. Inihanay na lang nila sa plato ang mga helmet, adidas, at barbeque sa pinggan. Tatlong mangkok para sa tatlong sawsawan. Binuksan ang RC Colang pinanawan na ng lamig. Hindi na sila nag-abalang kumuha pa ng baso, nagsalitan na lang sila ng tungga sa boteng walang deposito. Iyon ang unang gabi ng rice cooker sa kanilang kusina. Walang kanin. Subalit may iniinin na pag-ibig.

Nagising siya nang alas kuwatro kinaumagahan. Lumabas siya at pumunta sa tindahang pinangakuan ng pagsasauli ng bote kagabi. Sa umaga ay nagtitinda rin ito ng ulam, almusal, at kanin. Automatic, nailagay na agad ng tintera ang apat na plastic ng mainit pang kanin noong makita siya. Naka-plastic na ang mga ito at nakasilid sa maliit na batya. Para kung may magte-take out ng kanin na pang-almusal o pambaon sa opisina at eskuwela, madali na lang silang kukuha. Nakasanayan na ng tintera ang pagbili niya ng nakabalot na kanin sa umaga. Sa pagkakataong ito ay tumanggi siya at bumili ng dalawang kilo ng bigas. Iyong tigkukuwarenta'y singko. Bumili rin siya ng apat na piraso ng hotdog, dalawang itlog, dalawang pakete ng kape, at saka tatlong stick ng yosi. Nagising si Mildred sa tunog ng tilamsikan ng mantika at espadahan ng siyanse at kawali. Nasa kulay green na ang ilaw ng rice cooker. Tatlong takal ang bigas. Napasobra ng tantiya. Pero halos masimot nila ang rice cooker. Kung kagabi'y sa kalam ng sikmura nagtapos ang kanilang away, sinimulan naman nila ang araw na ito sa magkasunuran nilang pagdighay.

At tumigil ang mundo sa pagdating ng pandemya sa sumunod na buwan. Pinagbawalan silang lumabas ng bahay para pumasok sa trabaho. Mabuti na lamang at maaga na rin silang nakapag-imbak ng mga grocery

at kahit papaano ay may natira pa rin mula sa sahod nila. Sobrang higpit kahit pa ang karinderya sa kanto at tindahang binibilhan niya ng RC Cola at sigarilyo ay nagmistulang isang pagkalayo-layong bansa para sa kanila. Isa sa isang linggo, rumuronda ang mga tanod at kagawad ng barangay upang magrasyon ng bigas, mga delata, at pakete ng noodles, pansit canton at miswa. Umapaw ang latang lalagyan ng bigas. Bago pa man kasi ang lockdown ay nauna na silang nakapapuno ng bigas. Kaya ang mga dumadating na rasyon galing sa barangay na muna ang nauuna nilang isaing. Hindi magandang klase ng bigas ang galing sa barangay. Madaling masira. Kaya hindi nila ito inihahalo sa mga bigas na bagong molino galing sa Quezon at sa mga pinamili nila sa grocery. Kung anong sagana nila sa bigas ay siya namang salat nila sa pang-ulam. Mauunang mauubos ang mga pinamili nilang processed food tulad ng hotdog, longganisa, at embotido. Palaging mabenta sa almusal. Namemeligro na rin ang itlog na nakahihiligan ni Mildred. Hindi tatagal ng dalawang linggo ang isang dosenang itlog na nabili nila sa tindahan ng RC Cola. Naubos nila sa paglalaga na isinasawsaw niya sa asin, sunny side up na malasado na pinuputok niya ang pula sa kanin, binate o scrambled na ipinapalaman niya sa pandesal, omelette, tortang talong at tortang giniling na kasalo sa tanghalian at hapunan, pansahog sa sinasangag na kaning lamig sa almusal. Iyong isang kilong manok naman ay nahati na nila sa pagluluto ng tinola't adobo. Pangatlong linggo pa lang ng lockdown, in-off na nila ang ref. Sa mga sumunod na linggo namigay na ng Q-pass ang barangay. Isa sa bawat pamilya. Para makapag-restock ang bawat bahay ng kani-kanilang mga supply. Kaya, noong mapadpad siya sa grocery, isang tray agad ng itlog ang dinampot niya. Isang kilo ulit ng manok. Kung dati ay sige siya ng dampot ng mga delata, ngayon ay hindi na muna dahil marami-rami pa ang supply na galing sa barangay na hindi pa nabubuksan ng kanilang abrelata. Muling pinagana ang ref, habang si Mildred ay nasasabik na sa kung anong luto ng itlog ang ihahain ng asawa niya para sa kaniya.

Binago rin ng pandemya ang diskarte nilang mag-asawa sa pagsasaing. Ngayong nagtatanghalian na sila sa bahay, tanghali ang unang saing nila. Tatlong takal. Ang matitira ay iibabaw sa sinaing sa gabi. Dalawang takal lang. Sakto na ito. Kaya kung gusto nilang magsangag sa almusal kinaumagahan, ginagawa nilang tatlo hanggang apat na takal. Pero sa mga sumunod na araw ay nagpabago-bago ang gana at umay ni Mildred sa pagkain. May araw na sobrang lakas niya sa kanin at nakikipagsabayan sa kaniya. May mga araw namang parang kaing-manok lang siya. Kaya madalas nang nasisira ang diskarte nila sa pagsasaing. May mga araw na hindi siya pinapansin ng asawa dahil nabibitin sa kanin. May mga araw din namang siya ang nababanas sa asawa dahil kakarampot ang kakainin samantalang punong-puno pa ang kaldero ng kanin. Hindi naman niya kayang ubusin ang lahat ng matitira. May mga araw na hindi na nauubos ng asawa ang pagkain at siya na ang tumitira ng mga tira nito. May mga araw na talagang hindi na kumakain si Mildred. Hindi man lang bumabangon sa kama. Pareho na silang latang-lata at hindi na bumabangon sa kanilang kama. Maghapon higa. Tumatayo lang sila para umihi o dumumi. Ang ending, nanlamig ang kaning lamig—napanis.

Hindi lang sila isang beses na mapapanisan ng kanin. Kahit kasi siya ay parang nakikipisan na rin sa mistulang pag-aayuno ng asawa. Umaalingasaw ang kanin kapag napapanis. Nanlalambot. Parang lugaw na amoy tanga. Kaya tiwala siyang wala pa siyang COVID, dahil talagang namumunyeta ang amoy nito at tumatambay sa kaniyang ilong. Para ngang nalalalahan niya pa. Kapag napapanisan sila ng kanin, itinataktak niya ang kaldero sa kanal sa tapat ng bahay. Bahala na ang mga aso at pusanggalang pagpistahan ito. Ibinababad nito sa pinakuluang tubig ang kaldero para hindi tambayan ng mikrobyo. Ewan ba niya't pagkabilis-bilis nilang mapapanisan ng kanin sa bagong biling rice cooker. Hindi katulad ng sa dati nilang maliit na kalderong gawa sa bakal. Kayang tumagal ng kanin ng isang maghapon

at dalawang araw pa kung hindi gaanong maalinsangan ang panahon. Ito kasing bago, nakakabit ang takip sa mismong rice cooker. Walang sariling takip ang kaldero. Kaya ang siste, hindi tuluyang nakalalabas ang sumusubong sabaw kapag malapit na itong mainin. Kaya nasasaing man ang kanin ay naroroon pa rin na parang hamog ang tubig, hindi nakaalpas sa rice cooker. Magsisibabaan at palalambutin nito ang kanin kapag tinanggal na sa pagkakasaksak. Doon na mas mabilis na giginawin ang kaning lamig. Imbes na tumigas ay nanlalambot.

Pinaghinalaan niyang COVID ang maghaponing panghihina at pagsusuka ng asawa. Kaya noong mapanisan na naman sila ng kanin, ipinaamoy niya sa asawa ang kaldero. Lalo itong naduwal sa nakakagagong amoy. Nabatukan tuloy siya ni Mildred, pero masaya siya dahil may pang-amoy pa nga ito. Nagpatuloy ang paghila-hilata nito, ang pagduwal, at pagpapaluto ng itlog. Isang gabi, bago matulog, ibinulong sa kaniya ng asawa na magmula ng mag-lockdown ay hindi na siya nagkakaroon ng dalaw. Siya rin naman daw, sagot niya. Miss na nga raw niyang makainuman ang mga barkada. Tinalikuran siya ng asawa. Kinaumagahan niya pa mage-gets na ang tinutukoy pala nitong dalaw ay regla. Hindi pa siya dinadalaw ng regla. Halos mapatalon siya sa tuwa nang ibalita sa asawang nakuha na niya kung ano ang tinutukoy nitong bisita. Isang perpektong sunny side up ang inihanda niya para sa agahan ng kabiyaak. Pinakaingatan niyang hindi mabasag ang gitna. Pinakaingatan niyang pinong-pinong asin ang makurot mula sa garapon at maibudbod niya. Pinakaingatang hindi matusta ang ilalim na hindi rin naman nagiging malamya ang puti. May sapat na init ng apoy para hindi maluto nang husto ang pula pero kayang palutungin ang mga hangganan nito. Nang makita ito ni Mildred, walang kaabog-abog niya itong inilagay sa ibabaw ng kanin saka hinalo-halo. Nakangiti lang naman siya sabay duhol ng pregnancy kit. Sinagot naman ito ng asawa ng paglagok ng tubig, maraming-maraming tubig. Halos nangalahati ang pitsel.

Dalawang linya.

Positive.

Hindi lang si Mildred ang nagdadalantao sa kanilang kalye. Kasama ang balitang ito sa inalmusal nila nung isang umaga. *Buntis pala si ganito. Buntis pala si ganyan.* May mga maaagang nagsipagbuntis. Iyong senior high school na anak ni Aling Miling, papalobo na ang tiyan. Pero sa tantiya niya nakabuo na ito bago pa man magkaroon ng pandemya. Si Mang Puroy, senior na pero hayun at buntis ulit ang batang bata at pangatlo niyang asawa. Ang pinakanakagulat sa lahat ay ang pagdadalantao ni Aling Del. Wala namang napapabalitang nanliligaw sa matandang dalagang gurong ito. Pero heto't buntis na rin. *Nakapagtataka.* Sadyang wala nang magawa ang mga tao ngayong pandemya, sabi ni Mildred sa asawa. Sila naman, ang suspetsa ay noong gabing binili nila ang bagong rice cooker nila nainin ang buhay sa sinapupunan ng kanilang pamilya. Palaging sa mga petsang malapit dito tumatapat ang kanilang mga hintuturo kapag binibilang nilang pabalik ang mga araw sa kalendaryo noong makumpirma nila ang pagbubuntis ni Mildred. Palaging naroroon sa maulang gabi bago mag-akinse sa kinulang sa araw na buwan ng Pebrero.

Kapag umaga ay sinasamahan si Mildred ng kaniyang asawa sa paglalakad-lakad sa barangay. May kaluwagan na rin ang restriction. Basta't may face mask at face shield, at nasusunod ang mga protocols, walang problema. Tama nga ang kuwento sa kaniya ng asawa, bawat kanto may nakikita siyang buntis. Nagkakangitian na lang sila-silang mga buntis, pati na rin ang mga mister. Mga pilyong ngiti. Mga ngiting nagpapalakas ng loob ng isa't isa. *Kaya mo 'yan. Magiging magkakalaro at magkakaklase ang mga anak natin.* Na malamang ay mauuwi rin sa mga kuwentuhan at balitaan sa kani-kanilang hapag. Ang paglalakad-lakad nila ay nauuwi na sa pamimili sa talipapa ng sahog sa ilulutong ulam sa tanghali. O kaya kung magkatamuran

nang magluto, ay bibili na lang ng lutong ulam. Hindi pa rin nila problema ang bigas. Dahil nag-uumapaw pa rin ang kanilang suplay galing sa Quezon. Kung makakaluwas nga lang ang mga kapatid ni Mildred galing probinsya, malamang isang kaban na naman ang iaambag nito sa kanilang bigasan. Kagabi lang nila naibalita sa kaniyang mga kapatid ang pagdadalantao ng kanilang kapatid. Ilang beses siyang sinubukang lambingin ng asawang umuwi sa probinsya pero hindi ito nakahirrit. Kaya nakuntento na lang sila sa malabo at putol-putol na video call kagabi. Hindi man rumehistro nang malinaw kay Mildred ang mukha ng mga kapatid dahil sa hina ng signal ay sigurado naman itong masayang masaya sila sa dumating na balita. Matagal-tagal na ring nangungulit ang mga kapatid ni Mildred na mabigyan na sila ng pamangkin. Nang tuluyang maputol ang video call, kumunekta sila ng tawag sa kanilang panganay. Ang mga putol-putol na mensahe kanina ay napatag ng tawag. *Magkakapamangkin na kayo. Buntis ako.* Rinig nilang mag-asawa ang sigawan at talunan ng mga kapatid ni Mildred. *Ay, kung makakaluwas lang kami bukas. Andyan sana kami. Linggo pa naman.* Nang maubos ang 7 minutes call, naghintay ulit sila ng tawag. Ganu'n nang ganu'n hanggang abutin sila ng hatinggabi. Tatawag pa sana siya pero sinaway lang siya ng asawa.

Mas kapansin-pansin ang pag-iingat nilang dalawa sa mga sumunod na araw dahil tatlo na silang nagku-quarantine. Nagiging madahon na ulit ang kanilang ulam sa hapag at isinantabi na muna ang mga ayudang delata. Ang RC Cola ay napalitan ng gatas para kay Mildred. Nawala ang yosi at napalitan ng pakikiuso nilang dalawa sa mga plantito at plantita sa pagtatanim ng mga halaman sa paso. Sa kanilang dalawa mas si Mildred ang nahumaling sa pagtatanim. Binibiro naman siya ng asawa na may kabigatan ang kamay. Kaya hindi raw tutubo ang mga halaman niya. Hindi puwedeng maghihilata lang si Mildred maghapon. Kaya panay pa rin ang lakad nila sa umaga pagkaalmusal at sa hapon bago magdilim. Ganun ang nagiging larga

nila sa maghapon. Kung may pasok siya ay sa bahay lang naglalakad-lakad si Mildred. Nagtatanim-tanim, nagdidilig-dilig. Sa paglipas ng mga araw ay mas lumalaki at bumibigat na ang tiyan niya. Kaya nababawasan ang oras ng paglalakad at paghahalaman. Hanggang sa mapirmis na lang ulit siya sa loob ng bahay. Hindi lang dahil sa hirap na siyang magkikikilos. Namatay kasi ang kapitbahay nila dahil sa COVID. Nagising na lang sila sa sirena ng ambulansya. Noong una ay hindi pa nila matukoy kung sino sa mga kapitbahay nila ang tinangay ng ambulansya. Sa mga sumunod na araw, sa pakikibalita na lang niya nalamang si Aling Nenita pala. 'Yung may puwesto sa Balintawak. Parang mga halamang nagsipagsulputan ang mga nagpositibo sa COVID. Doble o triple pa sa dami ng nakakatanguan nilang buntis sa kanilang paglalakad-lakad sa umaga. Almusal nila sa umaga ang naulinigang sirena ng ambulansya sa gabi. Sa mga sinusukling kuwento sa kaniya sa tuwing bibili ng itlog sa tindahan na lang niya nalalamang wala na si ganito, wala na si ganyan. Na-COVID.

Palaging may takot si Mildred kapag dumudungaw siya sa kanilang bintana. Kahit pa kasi bagong salta lang sila rito, paunti-unti na niyang nakikilala ang hulma ng mga mukha ng kanilang kapitbahay. Mahina man siya sa pangalan ay kaya niyang ipakilala sa asawa ang mga bagong kakilalang mukha sa pamamagitan ng paglalarawan sa tabas ng bigote, nunal sa mukha, unat ng buhok, tangkad, kapayata't katabaan. Nakikipagtangian ito sa kaniya at nagsusukli naman siya ng sukli. Ang problema niya sa pagdungaw ay paunti-unting nababawasan ang kakilala niya. Paunti nang paunti ang nagdadaan. *Sana'y nasa bahay lang*, ang palagi niyang naibubulong sa sarili.

Sa wakas, nagluwag na. Biyernes pa lang ng gabi ay hindi na mapakali ang mag-asawa. Nagluwag din sila sa loob ng bahay. Ilang buwan din silang hindi tumanggap ng bisita kaya't naninibago hindi lamang sila kundi maging

ang bahay. Heto't susugurin sila ng mga kapatid ni Mildred sa Linggo. Dating gawi, siguradong aapaw ang pagkain sa kanilang lamesa. Aapaw ang kanilang dati nang nag-uumapaw pang kaban ng bigas. Ang bilin naman ng mag-asawa ay 'wag na magdala ng bandehado ng kanin at lalamig lang sa biyahe at nang maibida na rin nila ang naluma na nilang bagong biling rice cooker. *Walang mabibitin sa kanin*, sabi nila. Katumbas nitong pagtitipon sa Linggo ang ilang kaarawang nalaktawan at naunsiyami dahil sa walang biyaheng papasok at paluwas ng Maynila. At, siyempre pa-welcome sa bago at pinakaunang buhay sa sinapupunan ng kanilang pamilya. Siya man ay nag-imbata rin ng kaniyang sariling panauhin. Iyong mga barkada't katrabaho niya lang pero sa hapon na niya pinapupunta, 'pag naka-pack-up na pauwi ang mga kapatid ng asawa niya. Social distancing, ika niya. Masusulit pa rin naman daw nila ang alak kahit na may curfew pa rin. Buti na lang at naka-sched siya ng work from home ng Biyernes. Kaya sa araw na ito na sila namili ng mga lulutuin. Makatanghali ng Sabado, handa na sila sa mga magsisidatingang bisita.

Nakakaramdam na si Mildred ng paggalaw ng buhay sa kaniyang tiyan. Kaya labis ang ligalig nito nang dumating ang mga bisita kinaumagahan. Nagpapasikat raw sabi ng mga tiyahin nito. Kuwento naman ni Mildred, ay parang gusto nang lumabas sa sarili niyang pagla-lockdown. *Parang ako, burong-buro na. Gusto ko nang lumabas.* Sinukat na nila ang araw ng panganganak. November daw ang kabuwanan niya. Nakibilang ang mga kapatid niya pabalik sa kalendaryo. *Valentine baby pala ang isang ito*, nagpalitan sila ng ngiti. Samantala, nauna na sa binyagan at pagpapadrino ang paksa ng usapan ng mga kumpareng hilaw ng kaniyang asawa sa inuman sa labas. Tungkol sa bata ang araw na ito ng Linggo kapwa sa magkakapatid sa loob at mga nag-iinuman sa labas. May mga tips na kung paano makatipid sa diaper. Mga pamahii't puwera usog, mga rekomendasyon ng mga paanakan, magiging pangalan kung lalakae at kung babae, mga puwede at hindi puwedeng gawin sa huling trimester ng pagbubuntis. Bago pa man

mauwi sa usapan sa eskuwelahang magandang pasukan, nagpaalam na ang mga bisita galing ng Quezon. Ay, parang hindi matapos-tapos ang paalaman. Paano'y hindi pa sila makapagtakda ng mga susunod na pagkikita. Kaya hinusto na sa mahihigpit na yakapan. Hindi naman nagtagal ay nagsiuwi na rin ang mga manginginom nilang bisita. Gaya ng pangako ng kanilang nalumang bagong biling rice cooker, walang nabitin sa kanin sa kanilang mga bisita. May pasobra pa ngang bahaw para isangag kinaumagahan. Natapos ang gabi sa pagtutupi nila ng pagkahaba-habang listahan ng plano para sa kanilang panganay.

Bumalik ang panghihina't pagsusuka ni Mildred sa mga sumunod na araw. Baka napagod lang sa pagtanggap ng bisita, naisip niya. Nagkulong lang ito sa kuwarto at babangon lang para magbanyo. Ang bintanang kaniyang uniberso ay hindi na niya masilip-silip. Kung paano siya iniwan ng asawa niya sa kama sa umaga ay ganun pa rin siya nito binabalikan sa gabi. Sira na naman ang diskarte nila sa pagsasaing. Hindi nagalaw ni Mildred ang iniwan niyang kanin sa rice cooker at ulam sa lamesa. Kaya napanisan na naman sila. Pero dala ng pagod, ipinagpabukas na niya ang pagtapon nito sa kanal at tinabihan na ang asawa sa pagtulong. Maaalimpungatan lang siya sa tawag mula sa Quezon. Doon lang niya nahaplos na nagliliyab sa init ang kaniyang asawa. Lumabas muna siya para sagutin ang tawag. Nanlamig siya sa balita. Positive raw silang magkakapatid.

Hindi niya lubos maisip na may isang gabing sa harapan ng bahay nila paparada ang mga sirena ng ambulansya. Diretso sila COVID ward. Mabuti at may bakante pang kama. Agad na kinabitan ng oxygen si Mildred at sinwab. Inestima naman niya ang sarili. Sinalat ang leeg kung may sinat, wala. Inaalala kung kailan siya huling umubo at sinipon, wala rin siyang maalala. Maging siya ay sinwab na rin dahil sa pagiging primary contact ng asawa. Kinaumagahan pa lalabas ang swab result nila. Sa palitan nila ng text ng mga kapatid ni Mildred ay nasa ospital na rin daw ang bunso nila. Kapwa

na sila kinabitan ng oxygen. Mabilis na lumipas ang gabi. May balita mula sa Quezon. Pumanaw na ang bunso nila Mildred. Kinimkim niya ang balita sa isang sulok ng kaniyang dibdib. Hindi muna ito puwedeng makarating sa asawa na mahina pa rin at inaalalayan pa rin ng tangke ng oxygen. Nayayanig ang kaniyang dibdib sa maya't mayang pag-ubo ng asawa. Parang anumang oras ay malalaglag sa sahig ang kinikimkim niyang masamang balita. Samantala siya ay pigil din ang mga daliri sa pagtipa ng update sa kanilang dalawa. Kinontak na rin niya ang mga barkadang nakasama noong Linggo kahit hindi pa siguradong may COVID silang mag-asawa. Sa bawat reply na *maayos lang kami pare*, mas lumuluwag ang paghinga niya. Pero muling pinagsisikip ng pagdagundong ng mga ubo ng kaniyang asawa at hirap sa paghinga.

Dumating ang dalawang papel bago magtanghalian.

Positive.

Uniberso na niya ang bintana ng asawa. Pinanonood niya ang mga nagdadaan habang nagsisiga ng nikotin sa бага. Sige ang tango sa kaniya ng mga nagdadaan. Tango na parang mga tapik sa kaniyang balikat. Na sasagutin niya naman ng pag-angat ng mga kilay. Saka niya buburahin ng usok na parang dini-disinfect ang kani-kanilang mga pagtingin. Bago magtanghali ay kumakatok na lang ang mga taga-barangay. Subalit wala na ang mga tanod at kagawad sa pagbukas ng pinto. Naroon lang sa upuan ang isang kilo ng bigas, dalawang pakete ng noodles at isang malaking lata ng sardinas. Pagkarami-raming bigas pero bakanteng-bakante ang rice cooker. Natatakot siyang muling magsaing at mapanisan. Kahit pa nagpositibo rin siya sa COVID, nagrerenta't namumunyeta pa rin ang amoy ng panis na kaning hindi na nagalaw ng kaniyang asawa. Sa tuwing sisinghot siya ng sipon ay nanunumbalik sa kaniya ang amoy ng inuud na kanin. Hindi na niya naitaktak sa kanal ang napanis na kanin. Bagkus, ibinuhos na lang

niya sa lababo. Ano't parang kumapit panis na amoy sa kurtina, kumapit sa dingding, umilalim sa mga mantel, at nanuot sa mga punda at kutson. Hindi siya makatakas sa amoy ng nabulok na kanin. Kahit pa makailang ulit niya nang kinuskos nang maigi ang kaldero't binabad sa mainit na tubig, naroroon pa rin ang amoy. Paunti-unti, napalitan ng amoy ng alak at suka ang amoy ng panis na kanin. Sa mga sumunod na araw at linggo, muli niyang pinag-aralang magsaing ng para sa kaniya na lang. Kung walang pasok ay sa umaga siya nagsasaing. Dalawang takal. Sapat na. Kung may tirang kanin mula sa gabi ay ibinababaw niya na lang sa pag-iinin ng bagong saing na kanin. Sa ika-40 days ni Mildred nangalahati ang bigas mula sa Quezon, mga pinamili sa grocery at galing sa mga ayuda.

Hindi niya muna isinuksok ang susi. Nakipagdaupang-palad siya sa lamig ng door knob para tiyaking nai-lock niya ito kaninang umaga. At, hindi siya pinagbuksan nito. Pagkasusi niya sa pinto, sinalubong siya ng doormat na nakahandusay malayo sa pinto. Inamoy niya ang paligid—walang tagas ng gasul. Ang napabayaang kanin—napabuntong hininga siya. Binaba niya ang gamit at saka dahan-dahang lumapit sa rice cooker. Inihanda niya ang ilong sa pananarantado ng amoy. Binuksan ang kaldero. Walang amoy. Inilapit niya pa ang ilong. Pero wala talaga. Kumuha siya ng kutsara at inilubog sa kanin. Inasahan niya ang panlalambot nito. Hawak pa rin ng ilong ang pananggalang. Pero matigas ito. Hanggang sa tibagin niya nang tibagin ang tumpok ng bahaw. *Hindi panis ang kanin! Hindi panis ang kanin!* Halos magtatakbo siya nang magtatakbo sa loob ng bahay para ipamalita sa sarilig *hindi panis ang kanin! Hindi panis ang kanin!* Tuluyang nagpaubaya ang ilong niya. Wala na ang amoy. Tinibag niya nang tinibag ang kanin hanggang maging pino at saka niya isinangag sa kawali. Itatapon na sana niya ang mga tinik ng isda sa kanal nang matigilan siya ng amoy ng puting bulaklak na tumubo malapit sa alulod, tila nakikitanghod sa kanilang bintana.